

PRAYER

- Pasalamatn ang Diyos sa Kanyang walang hanggang habag at tapat na paghuhukom. Pasalamatn Siya sa Iglesya, sa katawan ni Cristo, at sa komunidad ng iglesya.
- Ipanalangin na magawa mong tanggapin at hindi husgahan ang iba. Ipanalangin ang biyaya ng Diyos upang magawa mong pigilan ang iyong mga opinyon at sa halip ay makita ang iba sa Kanyang mga mata.
- Ipanalangin ang iyong mga kapamilya at kasama sa komunidad na hindi pa nakarararas ng pagmamahal at habag ng Diyos. Ipanalangin na makilala nila at maunawaan nila kung sino nga ba ang Diyos.

NOTES

The Gospel Expressed

Pagtanggap sa Iba

WEEK 21

WARM-UP

- Ikinatutuwa mo ba ang pag-iimbita ng mga tao sa iyong tahanan? Bakit oo o bakit hindi?
- Naranasan mo na ba ang isang alitan na tumagal ng isang mahabang panahon na nagmula lamang sa isang simpleng di-pagkakaunawaan? Ano ang nangyari? Paano ito naayos?
- Dumaan ka na ba sa isang sitwasyon kung saan ang opinyon mo ay pinagduduhan o tinutulan? Magkuwento tungkol dito.

WORD ¹Tayong malalakas sa pananampalataya ay dapat tumulong sa mga kapatid nating mahihina sa pananampalataya. Hindi lang ang sarili nating kapakanan ang dapat nating isipin, ²kundi ang kapakanan din ng iba, para mapalakas ang kanilang pananampalataya. . . . ⁷Kaya tanggapin ninyo ang isa't isa gaya nang pagtanggap ni Cristo sa inyo para mapapurihan ang Diyos.

MGA TAGA-ROMA 15:1,2,7

Ipinaliwanag ni Pablo sa mga mananampalataya sa Roma na ang mga "malalakas" (o kaya ay mas bukas ang isipan) ay dapat na tumulong sa mga "mahihina" (iyong mga nakatali pa sa kautusan) pagdating sa paniniwala at pananampalata. Bagama't may mga bagay na ayon sa Bibliya ay kasalanan, marami ring mga pagdiriwang at kaugalian lamang na nabuo dahil sa pagnanais ng tao na makilala ang Diyos. Hindi lahat ay sumusunod sa mga ito. Noong panahon ni Pablo, ang mga mananampalatayang Hudyo at ang mga hindi Hudyo ay hindi nakikihalobilo sa isa't isa dahil dito. Tinalakay ito ni Pablo sa kanyang liham. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga paniniwala at opinyon ng bawat isa, magagawa nating palakasin ang isa't isa. Paano natin magagawang tanggapin ang isa't isa sa kabila ng ating mga pagkakaiba?

1 | Isaalang-alang ang paniniwala ng iba.

¹Tanggapin ninyo ang kapatid na mahina ang pananampalataya at huwag makipagtalo sa kanyang mga paniniwala. ²Halimbawa, may kapatid na naniniwala na lahat ng pagkain ay maaaring kainin. Mayroon namang mahina ang pananampalataya at para sa kanya, gulay lamang ang dapat kainin. **MGA TAGA-ROMA 14:1,2**

Malinaw ang mga sinabi ni Pablo tungkol sa magkakaibang paniniwala ng mga tao noong panahon na iyon. Mayroong mga naglaan ng isang araw bilang naiiba sa iba pang araw, samantalang may iba naman na hindi. Mayroong mga kumakain ng karne habang may iba naman na hindi. Subalit ipinaalala ni Pablo sa iglesia na *huwag makipagtalo* tungkol sa mga paniniwalang tulad nito. Ganoon din ngayon. Ang paniniwala ng mga tao ay magkakaiba. Ang pinaniniwalaan ng isa ay hindi kailangang maging katulad sa pinaniniwalaan ng iba pa. Sa katunayan, nagbigay si Pablo ng babala na baka magkasala pa ang ating kapatid kung hindi nila susundin kung ano ang kanilang pinaniniwalaan. (Mga Taga-Roma 14:21). Tulad nito, tayo rin ay sinabihan na manatili sa *katotohanan nang may pag-ibig, upang sa lahat ng bagay ay maging katulad tayo ni Cristo* (Mga Taga-Efeso 4:15). Minsan, ang ginagawa natin ay naaayon sa ating mga paniniwala lamang. Minsan naman ito ay tinatawag ng Bibliya na kasalanan. Paano tayo dapat tumugon sa alinman sa dalawang ito?

2 | Huwag maging mapanghusga.

. . . *Kaya, sino ka para humatol sa utusan ng iba? Ang Amo lang niya ang makapagsasabi kung mabuti o masama ang ginagawa niya. At talagang magagawa niya ang tama, dahil ang Panginoon ang tutulong sa kanya.* **MGA TAGA-ROMA 14:4**

Ipinaalala ni Pablo sa iglesia sa Roma na ang tanging tunay na Hukom ay ang Diyos at *tayong lahat ay harapan sa Diyos*, (Mga Taga-Roma 14:10). Ang paniniwala ng bawat isa ay sa pagitan

lamang niya at ng Diyos (Mga Taga-Roma 14:22). Kung para sa kanila ang isang paniniwala, kilos, at desisyon ay banal, ito ay banal para sa Diyos. Sa kabilang banda, kung ang isang tao ay naniniwala na ang isang kilos ay makasalanan, at ginawa pa rin niya nito, nagtaksil siya sa kanyang paniniwala at nagkasala. Ang Diyos lamang ang nakaalam ng tunay nating motibo at Siya lamang ang nararapat na manghusga. Paano ka lumago sa iyong kakayahan na tanggapin ang naiibang opinyon ng ibang tao? Ano ang ginagawa mo kapag napapansin mong nagiging mapamintas ka na sa iyong kapwa? Ano ang sinasabi sa Kawikaan 16:2 tungkol sa ating mga ginagawa?

APPLICATION

- Matapos mong marinig ang araling ito, ano ang isang bagay na maaari mong gawin sa ibang pamamaraan upang maging mas maayos ang pagtanggap mo sa ibang tao?
- Maaari tayong maging hadlang sa mga tao sa ating komunidad ng iglesia kung ipipilit natin na tanggapin nila ang ating mga pinaniniwalaan o kaya ay talikuran ang kanilang mga pinaniniwalaan. Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos kung ikaw ba ay nagiging isang hadlang sa ibang tao at hingin sa Diyos ang kakayahan na humingi ng kapatawaran.
- Ano ang ginagawa mo sa tuwing napapansin mo na ikaw ay lagi nang pumupuna ng kamalian ng iba? Magtala ng dalawang paraan kung paano mo patuloy na matututunang tanggapin ang iba.